



CALWORKs STARTING OUT STRONG PROGRAM (PROGRAMA NG CALWORKs SA PAGSISIMULA NANG MATATAG)

Maaari kang maging kwalipikadong lumahok sa Programang CalWORKs Starting Out Strong

TUNGKOL SA PROGRAMANG CALWORKS STARTING OUT STRONG

- Ang Programang CalWORKs Starting Out Strong ay isang boluntaryong programa na natutugma sa iyo sa isang nurse o sinanay na propesyonal na makikipagkita sa iyo sa isang lokasyon na pipiliin mo sa komunidad, sa aming mga tanggapan o sa iyong bahay.
- Nagbibigay ang programa ng suporta sa pagiging magulang, adbokasiya at mga aktibidad upang suportahan ang access sa pangangalaga bago at pagkatapos ng panganganak, iba't ibang mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan, at edukasyon at suporta sa pagiging magulang.
- Maaaring maging kwalipikado ang iyong pamilya na makatanggap ng mga serbisyong pansuporta sa pamilya na ito nang hanggang dalawampu't apat na buwan o hanggang sa pangatlong kaarawan ng iyong anak, alinman ang mas huli.

PAGIGING KWALIPIKADO NA MAGPATALA SA PROGRAMA

- Miyembro ng CalWORKs assistance unit o ang magulang/kamag-anak na tagapag-alaga para sa kaso lang ng bata; at
- Kasalukuyang buntis o magulang/tagapag-alaga ng bata na wala pang 36 na buwan ang edad sa oras ng pagpapatala sa Programang CalWORKs Starting Out Strong.

MGA BENEPISYO NG PROGRAMA

- Maaaring makatanggap ng maraming benepisyo ang iyong pamilya mula sa paglahok tulad ng:
 - Pinagandang kalusugan para sa iyo at sa iyong (mga) anak;
 - Mga bagong kakayahan at mga ideya tungkol sa pagiging magulang;
 - Mas mababang lebel ng stress;
 - Suporta para sa paglaki ng iyong (mga) anak;
 - Mga referral at mapagkukunan para sa iyo at sa iyong (mga) anak; at
 - Mga pagkakataon para makapagpatala ang iyong anak sa mga serbisyo sa pangangalaga ng bata na may mataas na kalidad upang bigyan ang iyong (mga) anak ng pinakamagandang pagsisimula sa buhay.

- Ang bibisita sa bahay ay magbibigay ng gabay, pagtuturo at mga ugnayan sa mga mapagkukunan na tutulong na mapaganda ang pananaw ng iyong mga pamilya tungkol sa edukasyon, lipunan, kabuhayan at pananalapi.

Ang pondo para sa programang ito ay ibinibigay ng Programang CalWORKs Home Visiting ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California.

Para mag-volunteer na lumahok sa programa, mangyaring pirmahan, lagyan ng petsa at ibalik ang form na ito sa kawani ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan (Social Services Agency, SSA).

KAHILINGAN PARA LUMAHOK SA PROGRAMANG STARTING OUT STRONG

- Gusto kong lumahok sa programang CalWORKs Starting Out Strong at naiintindihan ko na maaari kong piliin kung saan tayo magkikita at anumang oras ay kusang-loob na tapusin ang mga serbisyo ng programa.

Ako si:

... isang buntis ... isang magulang/tagapag-alaga ng bata na wala pang 36 na buwan ang edad

- Ayokong lumahok sa programang Starting Out Strong sa ngayon ngunit naiintindihan ko na maaari akong lumahok sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kawani ng SSA, na tutukoy kung kwalipikado pa rin ako para lumahok.

(Mga) dahilan sa pagtanggap tumanggap ng mga serbisyo ng pagbisita sa bahay:

- Kasalukuyang nakakatanggap ng mga serbisyo ng pagbisita sa bahay.
 Sa palagay ko hindi magbibigay ng anumang benepisyo ang programa.
 Hindi interesadong tumanggap ng mga serbisyo ng pagbisita sa bahay.
 Iba pa: _____

Sa pagpirma sa form na ito, naiintindihan ko ang mga sumusunod:

- Ang impormasyong ibibigay ko ay ibabahagi sa Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County, upang makontak nila ako at mag-schedule ng oras para sa mga pagbisita na magsisimula sa pipiliin kong lokasyon,
- Anumang oras ay maaari kong tapusin ang mga pagbisita, at
- Ang paglahok sa programang ito ay hindi makakaapekto sa aking pagiging kwalipikado para sa anumang iba pang mga benepisyo, suporta o mga serbisyo ng CalWORKs, kasama ang mga exemption sa welfare-to-work.

Pangalan ng Kaso:	Numero ng Kaso
Pangalan ng Magulang o Kamag-anak na Tagapag-alaga	Telepono
Pirma ng Magulang o Kamag-anak na Tagapag-alaga	Petsa